SALIGAN
SENTRO NG ALTERNATIBONG LINGAP PANLEGAL




# KATARUNGANG PAMBARANGAY

Tagalog Version

SALIGAN


**Main Office:**

GF Hoffner Bldg., Social Development Complex
Ateneo de Manila University, Loyola Heights, Quezon City 1108, Philippines
Tel Nos. (+63) (2)84266001 loc. 4859-4860
Telefax: (+63) (2) 84266124
E-mail: saligan@saligan.org
http:// www.saligan.org

**Bicol Office:**

Door 11 Doña Elena Apartments
J. Miranda Ave., Naga City 4400, Philippines
Tel. No. 09204060423 (smart) / 09568758660 (Globe)
E-mail: saliganbikol@saligan.org

**Mindanao Office:**

Door 1, 422 Champaca St.,
Juna Subd., Matina, Davao City 8000, Philippines
Tel No.(+63) (82)2894161
Email: saliganmindanaw@saligan.org

NILALAMAN


## I. Katarungang Pambarangay

Konsepto ng Katarungang Pambarangay (KP)
Legal na basehan ng KP
Layunin ng KP

## II. Lupong Tagapamayapa

Konsepto, Komposisyon at Organisasyon
Punong Barangay bilang Tagapangulo ng Lupon
Kalihim ng Lupon
Kwalipikasyon ng mga Miyembro ng Lupon
Proseso ng Paghirang ng Lupon
Termino ng Opisina ng mga Miyembro ng Lupon
Bakanteng Posisyon sa Lupon
Mga Kapangyarihan at Tungkulin ng Lupon
Katangian ng Katungkulan at Paglilingkod

## III. Pangkat Tagapagkasundo

Konsepto ng Pangkat
Komposisyon ng Pangkat
Miyembro ng Pangkat
Tagapangulo ng Pangkat
Kalihim ng Pangkat
Bakanteng Posisyon ng Pangkat

## IV. Mga Partido sa KP

## V. Saklaw o Hurisdiksiyon ng Lupon

## VI. Venue

## VII. Proseso ng Katarungang Pambarangay

## VIII. Mga Paraan ng Suporta

# I KATARUNGANG PAMBARANGAY: KONSEPTO, LEGAL NA BASEHAN, AT LAYUNIN



KONSEPTO NG KATARUNGANG PAMBARANGAY

## Ano ang Katarungang Pambarangay?

Ang Katarungang Pambarangay (KP) ay isang sistema ng pangangasiwa ng katarungan sa bawat barangay na naglalayong maisaayos ang mga hidwaan ng mga naninirahan sa pamayanan nang hindi na kinakailangan pang dumaan sa hukuman o korte. Ito ay sa pamamaraan ng *mediation*, *conciliation* o *arbitration*.

Ang sistema na ito ay nagmula pa sa ating mga ninuno kung saan ang ipinapatupad nilang batas ay batay sa kaugalian, gawi at tradisyon ng barangay na pinag-aaralan ng mga piling nakakatanda sa tribo na nagsisilbing tagapayo ng datu o pinuno ng barangay.

Bilang pagkilala sa agarang pagsasaayos ng mga hidwaan sa pamayanan at pagtitibay ng mga pamilya at ng relasyon ng bawat mamamayan sa barangay, minarapat ng ating pamahalaan na maitatag ang isang sistema ng pangangasiwa ng katarungan sa barangay. Ang nasabing sistema ng amicable settlement sa barangay ay ipinagtibay ng Presidential Decree 1508 (PD 1508) noong Hunyo 11, 1978 na naging epektibo noong Disyembre 20, 1978, at ng Local Government Code (LGC) na isinabatas sa pamamagitan ng Batas Pambansa Bilang 337 noong Pebrero 10, 1983.

## LEGAL NA BASEHAN NG KATARUNGANG PAMBARANGAY

Sa kasalukuyan, ang pagtatag ng Katarungang Pambarangay ay batay sa **Local Government Code of 1991 o Republic Act 7160 (RA 7160)** at napapaloob ito sa *Sections 399-422, Chapter 7, Title 1, Book III* ng nasabing batas. Dahit dito, pinawalang bisa nito ang PD 1508 at BP 337.

Noong Hulyo 15, 1993 ang Korte Suprema naman ay naglabas ng Administrative Circular No. 14-93 kung saan binalangkas nito ang mga alituntunin na magpapatnubay sa mga korte hinggil sa mga kondisyon na kinakailangang matupad alinsunod sa proseso ng Katarungang Pambarangay bago magsampa ng kaso sa korte o sa anumang opisina ng gobyerno, maliban na lamang kung ang kaso ay hindi saklaw ng Katarungang Pambarangay.





## Ano ang layunin ng Katarungang Pambarangay?

Ang layunin ng Katarungang Pambarangay ay ang mga sumusunod:

1. Kilalanin ang matagal ng tradisyon ng mga Pilipino sa pagsasaayos ng mga hidwaan sa pamamagitan ng *amicable settlement*;

2. Pagbuo ng makabagong pamamaraan para sa mas mabilis na pangangasiwa ng hustisya/katarungan;

3. Ipatupad ang mandato sa Saligang Batas na pangalagaan at pagyamanin ang kulturang Pilipino gayun din ang pagpapatatag ng pamilya bilang isang pangunahing institusiyon ng pamayanan;

4. Pagbigay sa mga tao ng dagdag na alternatibo para sa pagdinig ng kanilang mga hinain o reklamo;

5. Mabawasan ang mga kasong isinasampa sa hukuman; at

6. Mapahusay ang kalidad ng hustisya na iginagawad ng hukuman.




KOMPOSISYON

## Ano ang Lupong Tagapamayapa?

Ang Lupong Tagapamayapa, o Lupon, ay isang grupo na inoorganisa sa bawat barangay. Ito ay binubuo ng isang chairperson at sampu (10) hanggang dalawampung (20) miyembro. Ang Punong Barangay ang tumatayong chairperson o pinuno ng Lupon at siya ring naghihirang sa iba pang miyembro nito.

Ang pagbuo ng Lupon ay *mandatory* o kailangan sa bawat barangay. Ang Punong Barangay ang siyang inaasahang magpapatupad ng mandatong ito.

Sa ilalaim ng LGC, ang Punong Barangay ang inatasan na magpasiya sa aktwal na bilang ng miyembro na bubuo ng Lupon. Kinakailangan lamang na ang bilang ay hindi bababa sa 10 at hindi hihigit sa 20. Sa kanyang pagpapasiya, maaaring isaalang-alang ng Punong Barangay ang pangangailangan ng kanilang barangay, ang bilang ng kanilang populasyon, ang bilang ng mga kaso sa barangay, at iba pang katulad na batayan.

**PUNONG BARANGAY**
Pinuno

↓

**SAMPU (10) HANGGANG DALAWAMPU (20)**
Miyembro ng Lupon

## PUNONG BARANGAY BILANG CHAIRPERSON NG LUPON



### Anu-ano ang mga kapangyarihan at responsibilidad ng Punong Barangay bilang *chairperson* ng Lupon?

Ang Punong Barangay, bilang chief executive ng barangay, ang itinakda ng LGC na maging chairperson o pinuno ng Lupon. Ang kanyang pag-upo bilang chairperson ay kapasidad na ex-officio, na ang ibig sabihin ay hindi na ito kinakailangan ang hiwalay pang paghirang. Maliban sa mga karaniwang responsibilidad niya bilang Punong Barangay, siya ay naatasang magsilbi bilang chairperson ng Lupon.

Ang mga sumusunod ang mga itinakdang responsibilidad ng Punong Barangay bilang *chairperson* ng Lupon:

## Bumuo ng Lupon.

Ang Punong Barangay ng bawat barangay ay inaatasang magtatag ng Lupon sa loob ng panahon at sa paraan na itinakda ng batas, at siya ang magsisilbing *chairperson* nito.

## Patnugutan ang mga gawain na may kinalaman sa *mediation* o *arbitration*.

a) Tanggapin ang anumang nakasulat na reklamo, o isulat ang ikinuwento *(verbal)* na reklamo, na idudulog sa tanggapan ng *chairperson* ng Lupon.

Matapos tanggapin ang nakasulat na reklamo, gamit ang KP Form No. 7, ang chairperson ay magtatakda ng petsa ng unang pagdinig *(hearing)* ukol sa reklamo. Ipapaalam niya ang petsang itinakda sa nagrereklamo *(complainant)* gamit ang KP Form No. 8. Kinabukasan, o sa susunod na araw ng trabaho, ipatatawag din ng chairperson ang inirereklamo *(respondent)*, gamit ang KP Form No. 9, para ipaalam na siya ay kailangang humarap sa *chairperson* at sa nagrereklamo sa nakatakdang petsa ng pagdinig. Ang panahon sa pagitan ng petsa ng pagdinig at ng araw ng pagtanggap ng *summons* ay hindi maaaring bumaba sa limang (5) araw.

b) Pangasiwaan ang mga panunumpa na may kaugnayan sa pagpapatupad ng Katarungang Pambarangay.

c) Pasiyahan ang lahat ng reklamo patungkol sa venue na ipinaalam sa kanya ng partido habang nagaganap ang *mediation*. Matapos nito, ang *chairperson* ay maglalabas ng *certificate* na nalutas na ang reklamo tungkol sa *venue* o ng *certificate* na walang isyu tungkol sa *venue*.

d) Mamagitan sa mga kaso na sakop ng hurisdiksyon ng Lupon.

e) Maglabas ng desisyon ukol sa pagtatalo ng mga partido sakaling magkasundo ang mga partido na sila ay susunod sa *arbitration award* o sa desisyon ng Lupon *chairperson.*

## Bumuo ng Pangkat para sa mga kasong walang naabot na pagkakasundo sa pagitan ng mga partido matapos ang mediation.

## Gawin ang iba pang itinakdang responsibilidad ayon sa batas:

a) Pamunuan ang regular na pagpupulong ng Lupon;

b) Siguruhin na ang mga nakatakdang responsibilidad ng Lupon ay hindi napapabayaan, lalung-lalo na ang administratibong pamamahala ng Lupon sa mga Pangkat; at

c) Ipatupad ang anumang napagkasunduan ng mga partido na nakasaad sa *amicable settlement* o sa desisyon ng mga arbitrators ukol sa pagtatalo na siyang nakasaad sa *arbitration award*.

# KALIHIM NG LUPON



## Sino ang kalihim ng Lupon?

Ang kalihim ng barangay ang siyang uupo bilang kalihim ng Lupon.

## Anu-ano ang responsibilidad ng kalihim ng Lupon?

Ang mga sumusunod ay ang mga tungkulin ng kalihim ng Lupon:

**1.** Itago at panatilihin ang *record book*, kung saan nakasulat ang mga mga reklamo, at lagyan ng bilang ayon sa petsa at sa oras na natanggap ang mga ito ng barangay. Isulat sa *record book* ang pangalan ng mga partido, ang oras at petsa ng pagtanggap reklamo, at ang uri o klase ng kaso;

**2.** Itago ang resulta ng lahat ng *mediation proceedings* na pinangasiwaan ng Punong Barangay;

**3.** Mag-sumite ng report tungkol sa *mediation proceedings* sa tamang korte ng lungsod o munisipyo, tulad ng *municipal trial courts*, *municipal circuit trial courts*, o *metropolitan trial courts*;

**4.** Itala ang hindi pagsunod ng mga testigo at partido sa *subpoena* na inilabas ng Punong Barangay;

**5.** Tumanggap at itago ang lahat ng tala ng pagdinig na isinumite sa kanya ng Pangkat;

**6.** Mag-sumite sa tamang korte ng lungsod o munisipyo ng mga napagkasunduan ng mga partido nang hindi mas maaga sa ika-labing-isa (ika-11) at hindi mas tatagal pa sa ika-labinlimang (ika-15) araw simula sa petsa ng kasunduan;

**7.** Maglabas ng *certification* na nagbabawal ng pagsampa ng reklamo upang ito ay dinggin sa korte o anumang ahensya ng gobyerno. Ipapaloob sa nasabing *certification* ang naganap na pag-uusap sa barangay at ang naabot na kasunduan na siyang pinawalang-bisa ng mga partido;

**8.** Maglabas ng *certification* na nagbabawal sa nagrereklamo *(complainant)* na magsampa ng kaso, o ang nirereklamo *(respondents)* na magsampa ng *counterclaim* sa korte dahil sa hindi nito pagaharap sa Lupon o Pangkat;

**9.** Mag-bigay ng kopya ng napagkasunduan o *arbitration award* sa lahat ng mga partido at sa Punong Barangay; at

**10.** Magbigay ng sertipikadong kopya ng anumang pampublikong record na nasa pangangalaga niya sa kondisyon na ang mga ito ay hindi *confidential*.

# KWALIPIKASYON NG MIYEMBRO NG LUPON



**Sinu-sino ang maaring maging miyembro ng Lupon? Anu-ano ang mga kuwalipikasyon ng mga maaaring maging miyembro ng Lupon?**

Ang mga sumusunod na katangian ang hinahanap sa maaaring maging miyembro ng Lupon:

1. Aktwal na naninirahan o nagtatrabaho sa barangay kung saan niya ninanais na maging miyembro ng Lupon;

2. May edad labing-walong (18) taong gulang pataas;

3. Hindi *disqualified* o inalisan ng karapatan sa ilalim ng batas na maging miyembro ng Lupon;

4. May integridad, walang pinapanigan, may malayang mag-isip, may sariling paninindigan, at may reputasyon ng pagiging matapat; at

5. Nagpahayag ng kanyang kagustuhan na tumulong sa barangay.

### May itinakda bang kwalipikasyon ukol sa natamong edukasyon ng isang nagnanais maging miyembro ng Lupon?

Wala. Isa sa inalis ng LGC sa lumang batas ng Katarungang Pambarangay na kwalipikasyon upang maging miyembro ng Lupon ay ang natamong edukasyon. Hindi rin kinakailangan na may kasanayang legal upang maging ganap na miyembro ng Lupon.

### Maaari bang maging miyembro ng Lupon ang abogado?

Oo. Bagama't mas pinahalagahan ng LGC ang moral ascendancy ng mga respetadong miyembro ng barangay kaysa sa edukasyon o kasanayang legal, hindi ibig sabihin na ang mga abogado ay hindi na maaaring maging miyembro ng Lupon.

Ang pinagbabawal ng LGC ay ang pagharap ng abogado bilang kinatawan ng mga partido sa kaso sa barangay dahil ang mandato ng LGC ay ang personal na paghaharap ng mga partido.

### Itinuturing bang *full-time* na trabaho ang mga magiging miyembro ng Lupon?

Hindi. Ang pagsisilbi bilang miyembro ng Lupon ay hindi itinuturing na full-time na trabaho. Maaaring maging miyembro ng Lupon ang isang taong nagtatrabaho na sa isang pribado o pampublikong ahensya.

Ang isang taong may regular na posisiyon sa gobyerno ay maaring maging miyembro ng Lupon. Ito ay isa sa mga *exceptions* sa pagbabawal sa mga ***appointive public officials*** na humawak ng dalawa o higit pang posisyon.

## Sino ang mga hindi maari o diskuwalipikadong maging miyembro ng Lupon?

Ang mga sumusunod ay hindi maaring italaga bilang miyembro ng Lupon:

1. May edad na mas mababa sa labing-walong (18) taong gulang;

2. Ang mga ***incompetent***, kagaya ng mga sumusunod:

**a.** Mga taong naparusahan ng *civil interdiction;*

**b.** ***Hospitalized lepers***;

**c.** ***Prodigals***;

**d.** Bingi at pipi na hindi marunong sumulat at bumasa;

**e.** May kakulangan sa pag-iisip o unsound mind kahit na paminsan-minsan ay maayos ang kanyang pag-iisip *(lucid interval)*, o walang kakulangan sa pag-iisip ngunit dahil sa kanyang edad, sakit, at iba pang katulad na dahilan, hindi niya kayang alagaan ang kaniyang sarili at ang mga ari-arian nang hindi tinutulungan ng ibang tao.

**3.** Nahatulan na may-sala sa isang krimen na may kaparusahang perpetual or ***temporary disqualification from holding public office***;

**4.** Inihalal na opisyal ng gobyerno, maliban na lamang kung pinapahintulutan ng batas o ng kanyang mga pangunahing tungkulin o posisyon.

- Ang mga hukom ay hindi maaaring maging miyembro ng Lupon. Isa sa mga layunin ng Lupon ay ang mabawasan ang mga kaso sa korte. Ang paghirang sa mga hukom bilang miyembro ng Lupon ay makakaapekto sa oras na nakalaan sa paglilitis ng mga kasong naisampa na sa korte.

- Ang isang pari o ***ecclesiastic*** ay maaaring ihirang bilang miyembro ng Lupon.

- Ang mga miyembro ng Sanggunian, kagaya ng kagawad, ay hindi maaaring maging miyembro ng Lupon, ngunit ang mga ***appointive barangay officials*** ay hindi pinagbabawalang maging miyembro ng Lupon.

**5.** Miyembro ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas o ***Armed Forces of the Philippines*** (AFP) na nasa aktibong serbisyo o duty.




## Paano binubuo ang Lupon?

Ang mga sumusunod ay ang proseso sa pagbuo ng Lupon:

**1.** Sa loob ng labinlimang (15) araw mula sa umpisa ng kanyang termino, ang Punong Barangay ay gagawa ng isang pabatid *(notice)* ukol sa pagbuo ng Lupon.

Nakalista sa pabatid ang mga pangalan ng mga taong iminumungkahi at pumayag na maging Miyembro ng Lupon.

**2.** Ipapaskil ang pabatid sa tatlong (3) kapansin-pansing lugar sa barangay nang hindi bababa sa tatlong (3) linggo.

**3.** Habang nakapaskil ang pabatid, maaaring magpahayag ang sinuman sa barangay ng kanyang pagtutol o sariling mungkahi sa mga magiging Miyembro ng Lupon.

**4.** Pagkatapos bigyang kunsiderasyon ang mga pagtutol at/o mungkahi, ihihirang ng Punong Barangay ang mga Miyembro ng Lupon sa loob ng sampung (10) araw matapos ang panahon ng pagpapaskil ng pabatid.

Ang paghirang ay dapat nakasulat sa papel na nilagdaan ng Punong Barangay at pinatunayan ng Kalihim ng Barangay.


**Maaari bang magpahayag ang sinuman sa barangay ng pagtutol sa gagawing paghirang ng Miyembro ng Lupon?**

Oo. Kahit sino ay maaaring magpahayag sa Punong Barangay ng kanyang pagtutol sa gagawing paghirang ng sinumang nakalista. Maaaring nakabatay ang pagtutol sa kakulangan sa kwalipikasyon o katangiang nababagay sa isang Miyembro ng Lupon.

**Puwede bang magpahayag ang sinuman sa barangay ng kanyang sariling mungkahi na maging Miyembro ng Lupon, kahit wala sa listahan?**

Oo. Kailangang ipaabot ang sariling mungkahi sa loob ng panahon ng pagpapaskil ng pabatid.

## TERMINO NG MGA MIYEMBRO NG LUPON



### Gaano kahaba ang termino ng mga Miyembro ng Lupon?

Mananatili sa posisyon ang mga Miyembro ng Lupon habang wala pang nabubuong panibagong Lupon. Mahalagang tandaan na bubuo ng panibagong Lupon ang Punong Barangay sa umpisa ng kanyang bawat termino.

Maaaring maputol ang termino ng Miyembro ng Lupon dahil sa alinman sa sumusunod:

1. Pagbitiw sa puwesto;
2. Paglipat ng tirahan o lugar ng trabaho; o
3. Pagbawi ng paghirang ng Punong Barangay, na sinang-ayunan ng nakararami sa mga Miyembro ng Lupon;

Hindi maaring buwagin ng Punong Barangay ang buong Lupon at mag-organisa ng panibagong Lupon habang hindi pa natatapos ang termino ng kasalukuyang mga Miyembro ng Lupon, dahil sa ganitong sitwasyon ay wala nang matitirang Miyembro ng Lupon na sasang-ayon sa pagtanggal ng iba pang Miyembro.

## MGA KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN NG LUPON



### Anu-ano ang mga kapangyarihan at tungkulin ng Lupon sa barangay?

Ang mga sumusunod ang mga kapangyarihan at tungkulin ng Lupon:

#### Pangangasiwa sa mga Pangkat ng Tagapagkasundo

Magbigay ng administratibong pamamahala sa proseso ng paglutas nang alitan na ipinapasunod ng Lupon. Tungkulin ng Lupon na pangasiwaan ang proseso ng paglutas ng alitan sa kanilang barangay sa ilalim ng Katarungang Pambarangay. Kaugnay nito, tungkulin ng lupon ang pangangasiwa *(administrative supervision)* sa mga Pangkat ng Tagapagkasundo *(conciliation panels)*. Dapat tingnan ng Lupon kung kumpleto ang kagamitan ng Pangkat at kung ginagawa nila ang kanilang trabaho.

### Regular na pagpupulong

Tungkulin ng Lupon na magpulong nang isang beses sa bawat buwan. Ang mga pagpupulong ay para sa palitan at pagbabahagi ng mga ideya, karanasan, at obserbasyon upang maging mas mainam at mas mabilis ang paglutas ng mga alitan sa barangay. Bukas dapat sa publiko ang mga pagpupulong na ito.

### Pagsang-ayon sa pagbawi ng paghirang sa Miyembro

Nasa kapangyarihan ng mga Miyembro ng Lupon kung sila ay sasang-ayon o hindi sa pagbawi ng paghirang ng Punong Barangay sa kanilang kapwa Miyembro. Kinakailangan ang pagsang-ayon ng nakararaming Miyembro upang matanggal sa puwesto ang isang Miyembro ng Lupon.

### Pagpapatupad ng kasunduan o desisyon

Tungkulin ng Lupon na ipatupad sa pamamagitan ng Punong Barangay ang kasunduan o desisyon sa isang alitan.

### Iba pang kapangyarihan at tungkulin

Ipapatupad din ng Lupon ang iba pang mga tungkulin at kapangyarihan nito sa ilalim ng mga batas at ordinansa.




## Ano ang katangian ng katungkulan at paglilingkod ng mga Miyembro ng Lupon?

**1.** Ituturing na mga maykapangyarihan *(persons in authority)* sa ilalim ng *Revised Penal Code* ang mga Miyembro ng Lupon habang gumaganap sa kanilang mga tungkulin.

Sa ilalim ng *Revised Penal Code*, pinaparusahan bilang *direct assault* ang pag-atake, paggamit ng puwersa, paglaban, at lubhang pananakot sa maykapangyarihan o kanyang kinatawan habang ito ay gumaganap sa kanyang mga tungkulin. Ang parusa ay multa at pagkakakulong.

**2.** Ang mga miyembro ng Lupon ay manunungkulan nang walang sahod maliban na lamang sa mga insentibong maaaring ibigay ng barangay, bayan, o lungsod.

Magpapatupad ang *Department of Interior and Local Government* (DILG) ng isang sistemang magbibigay ng mga insentibo sa mga Miyembro ng Lupon at Pangkat na nagpapakita ng sapat na abilidad sa paglutas ng mga alitan sa mainam at makatarungang pamamaraan.

Kahit pa siya ay nasa pampribado o pampublikong empleyo, ang Miyembro ng Lupon o Pangkat ay itituring na nasa opisyal na oras ng trabaho habang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin. Sa gayon, hindi maaaring bawasan ang suweldo o benepisyong tinatanggap ng Miyembro mula sa kanyang empleyo sa kadahilanang wala siya sa trabaho.



## KONSEPTO NG PANGKAT TAGAPAGKASUNDO O CONCILIATION PANEL

### Ano ang Pangkat Tagapagkasundo o Conciliation Panel?

Isang conciliation panel na tinatawag na Pangkat Tagapagkasundo (o sa maikling tawag ay Pangkat) ang binubuo sa bawat hidwaan na idinudulog sa Lupon. Ito ay isang panel of conciliators na didinig sa mga hidwaan na hindi naayos sa pamumuno ng Punong Barangay o tagapangulo ng Lupon.

## KOMPOSISYON NG PANGKAT AT PARAAN NANG PAGPILI

### Ano ang komposisyon ng Pangkat? Paano ito pipiliin?

Ang Pangkat ay binubuo ng tatlong (3) miyembro na pipiliin ng dalawang partido sa hidwaan mula sa listahan ng mga miyembro ng Lupon. Ang dalawang partido ay pipili rin ng pang-apat na miyembro na panghalili sa mga miyembro ng Pangkat.

## Ano ang mangyayari kung hindi magkakasundo ang dalawang partido kung sino ang magiging miyembro ng Pangkat?

Ang tagapangulo ng Lupon ang pipili sa pamamagitan ng pagbunot ng 3 pangalan mula sa listahan ng mga miyembro ng Lupon kung sakaling hindi magkasundo ang dalawang partido kung sinu-sino ang bubuo ng Pangkat.

Ang pagkakataon ng mga partido sa hidwaan na pumili ng magiging miyembro ng pangkat ay batay sa paniniwala na mas madaling maayos ang mga hidwaan o hindi pagkakaunawaan ng mga partido kung malaya nilang pipiliin ang bubuo ng Pangkat. Kung kaya't ang pagpili sa pamamagitan ng pagbunot ng pangalan ang pinakahuling maaring gawin kung sakaling hindi magkasundo ang naghihidwaang mga partido.



## Puwede bang piliin ang Punong Barangay na maging miyembro ng Pangkat?

Oo. Ang Punong barangay ay maaring piliin ng mga partido sa hidwaan na maging miyembro ng Pangkat at maari rin siyang maging tagapangulo ng Pangkat. Wala namang pagbabawal ang batas sa pakikilahok ng Punong Barangay bilang miyembro ng Pangkat. Ang kinakailangan lang ay isa siya sa tatlong miyembro na malayang pinili ng mga partido.

## OPISYALES NG PANGKAT

### Sinu-sino ang tatayong mga opisyales ng Pangkat?



Ang 3 miyembro na bumubuo sa Pangkat ay pipili ng isa sa kanila na magsisilbing tagapangulo at isa bilang Kalihim sa pamamagitan ng mayoryang boto.

Magkaiba ang kalihim ng Pangkat sa kalihim ng Lupon. Ang kalihim ng Pangkat ay mula sa 3 miyembro na pinili sa listahan ng Lupon at magsisilbi rin bilang conciliator sa hidwaan. Samantala, ang kalihim ng Lupon ay limitado sa pagtala, pagtanggap at pagsasaayos ng mga dokumento, pag-isyu ng certification at iba pang kahalintulad na mga gawain. Hindi maaring makialam ang kalihim ng Lupon sa paagdinig at usapan sa Lupon.

## TAGAPANGULO NG PANGKAT

### Ano ang mga kapangyarihan at katungkulan ng tagapangulo ng Pangkat?

Ang mga sumusunod ay ang mga kapangyarihan at katungkulan ng tagapangulo ng Pangkat:

1. Pamunuan ang lahat ng pagdinig na isasagawa ng Pangkat at pangasiwaan ang panunumpa sa anumang bagay na may kaugnayan sa pagpapatupad ng batas sa Katarungang Pambarangay.

2. Maglabas ng summons para sa personal na paghaharap ng mga partido at ng testigo sa Pangkat.

3. Magpatunay at ipatupad ang napagkasunduan ng bawat partido sa harap ng Pangkat.

**4.** Pamunuan ang mga *hearings* sa pagkakataon na ang mga partido ay nagkasundo na mamamagitan o ipaubaya sa Pangkat ang kanilang hidwaan. Ang kasunduang ito ay kinakailangang nakasulat.

**5.** Magbigay patunay sa sertipikasyon na inisyu ng Kalihim o ng Pangkat para sa pagsampa ng kaso sa hukuman o sa anumang ahensiya ng gobiyerno.

## KALIHIM NG PANGKAT



### Ano ang mga katungkulan ng kalihim ng Pangkat?

Ang mga sumusunod ay mga gawain ng kalihim ng Pangkat:

**1.** Mag-isyu ng abiso para sa pagdinig ng Pangkat at siguruhin na maibibigay ito sa mga partido o mga testigo.

**2.** Ihanda ang *minutes* o tala ng pag-uusap na ipinadaloy ng Pangkat at bigyang patunay ito s a tagapangulo ng Pangkat at sa tamang hukuman ng lungsod o munisipyo.

**3.** Irekord sa tala ng pag-uusap ang hindi pagsunod ng sinumang partido sa *summons* na inilabas ng tagapangulo ng Pangkat.

**4.** Agad na isumite sa kalihim ng Lupon ang lahat ng napagkasunduan ng mga partido at *award* na iginawad ng Pangkat.

**5.** Isumite ang kopya ng tala ng pagdinig sa kalihim ng Lupon at sa tamang korte.

**6.** Mag-isyu ng sertipikasyon na kinakailangan para sa pagsampa ng kaso sa korte o anumang ahensiya ng gobiyerno upang dinggin ito. Ipapahayag sa sertipikasyon na may naganap na pag-uusap sa barangay ngunit walang kasunduan na nangyari o walang personal na pag-uusap na nangyari; at

**7.** Mag-isyu ng sertipikasyon na pinagbabawalan ang *complainant* na magsampa ng kaso o demanda o ang respondent na magsampa ng kontra demanda sa husgado dahil sinadyang hindi pagharap ng mga ito sa Pangkat.

## BAKANTENG POSISYON SA PANGKAT

### Ano ang mangyayari kung may kulang na miyembro ang Pangkat?

Ang bakanteng puwesto sa Pangkat ay pupunan sa pamamagitan ng pagpili ng mga partido sa hidwaan mula sa iba pang miyembro ng Lupon. Sakaling hindi magkasundo ang magkabilang partido, ang tagapangulo ng Lupon ay bubunot ng pangalan sa alinmang miyembro ng Pangkat. Ang pagbunot ay gagawin sa dahilan na ang Punong Barangay ay walang kapangyarihang personal na mamili at upang maiwasan ang pagkiling sa partikular na miyembro ng Lupon.

### Ano ang mga sitwasyon na maaring magbigay sa isang partido na dahilan upang hingiin na tanggalan ng karapatan ang miyembro ng Pangkat?

Sino man sa mga partido ay maaring hingin na idiskuwalipika ang sinumang miyembro ng Pangkat base sa alinmang sumusunod na dahilan:

- Relasyon sa mga partido;
- Pagkiling o pagpabor sa isang partido;
- Personal na interes sa kaso ng miyembro ng Pangkat; at
- Iba pang dahilang natuklasan pagkatapos na mabuo ang Pangkat.

Ang isyu sa *disqualification* ng miyembro ng Pangkat ay pagpapasiyahan sa pamamagitan ng mayoryang boto ng lahat ng miyembro ng Pangkat at ang desisyon ay magiging pinal.



## Sino ang maaring maging partido sa sistema ng Katarungang Pambarangay?

Ang mga indibidwal na tao lamang ang maaring maging partido sa sistema ng Katarungang Pambarangay. Hindi kasama ang tinaguriang *juridical persons* tulad ng korporasyon, *partnership*, *estate*, at iba pa. Ito ay naaayon sa batas na personal ang paghaharap at pag-uusap ng mga partido upang mapagpasiyahan ang hidwaan sa pagitan nila.

## Maari bang humarap ang mga partido sa pamamagitan ng kanyang abogado o kinatawan?

Hindi. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagharap sa pamamagitan ng isang kinatawan o abogado, maliban kung ang mga partido o isa sa kanila ay menor de edad o *incompetent* sa ilalim ng batas kung saan maari siyang samahan o tulungan ng isang kinatawan na hindi abogado.

## Ano ang dahilan ng pagbabawal sa kinatawan o abogado na humarap sa proseso ng Katarungang Pambarangay?

Ipinagbabawal ang pagharap ng kinatawan o abogado dahil ang layunin ng Katarungang Pambarangay ay ang mapayapang pag-uusap ng mga partido tungkol sa hidwaan. Maari itong mawalan ng saysay kung nariyan ang isang abogado na ang tungkulin ay protektahan ang interes ng kaniyang kliyente.

## Sino ang sakop sa proseso ng Katarungang Pambarangay?

Ang mga partido sa proseso ng Katarungang Pambarangay ay kinakailangang nakatira sa parehong lungsod o munisipyo. Sa pagkakataon na ang mga partido ay nakatira sa mga barangay ng magkaibang lungsod o munisipyo, hindi na nila kinakailangang dumaan sa proseso maliban kung ang kanilang tinitirhang mga barangay ay magkatabi at napagkasunduan ng bawat partido na ipasailalim ang kanilang hidwaan.

**Mga indibidwal na tao lamang ang maaring maging partido sa sistema ng Katarungang Pambarangay.**

Si Vipa ay may-ari ng mga lupain kung saan isa sa mga nangungupa nito ay si Rafael. Noong mamatay si Vipa, naging tagapagpamahala ng kanyang mga ari-arian si Grace. Walong taon mula nang mamatay si Vipa ay tumigil nang magbayad ng kanyang upa si Rafael. Bilang kinatawan ng estate ni Vipa, nagsampa ng kaso si Grace laban kay Rafael upang mapaalis siya sa lupain ni Vipa. Tinutulan ito ni Rafael dahil hindi man lang dumaan ang kaso sa Lupon ng barangay upang magkaroon ng kasunduan.

Ayon sa Korte:

Ang proseso ng Katarungang Pambarangay ay kailangan lamang pagdaanan ng mga indibidwal na partido na sangkot sa kaso. Kung ang isa sa mga partido ay tinaguriang juridical persons, hindi sila maaring maging bahagi ng pakikipagkasunduan sa ilalim ang Katarungang Pambarangay. Ang estate ni Vipa kung saan si Grace ang kinatawan ay isang halimbawa ng juridical entity. Ang inihaing reklamo ng nasabing estate laban kay Rafael ay hindi na saklaw ng Katarungang Pambarangay.

Halaw mula sa Uy vs. Estate of Vipa Fernandez, G.R. 200612, April 5, 2017.



## Ano ang sakop ng awtoridad ng Lupon?

Ang Lupong Tagapamayapa ay isang *administrative body* na ginawa ng batas upang pamahalaan ang sistema ng hustisya sa barangay. Hindi korte ang Lupon; hindi ito naglilitis ng mga kaso. Sa halip, pinoproseso nito ang paglutas ng mga alitan sa antas ng barangay.

Ang pangunahing paraang ginagamit ng Lupon ay mapayapang kasunduan o *amicable settlement.* Upang magkasundo ang mga partido sa alitan, pinag-uusap sila ng Lupon sa pamamagitan (mediation) ng Punong Barangay o pinagkakasundo (conciliation) ng Pangkat ng Tagapagkasundo.

Ang arbitrasyon ay isang proseso kung saan may arbitrator o taong didinig at magdedesisyon sa alitan. Ginagawa lamang ito sa kasunduan ng mga partido, ngunit anumang desisyon ang maabot ng prosesong ito (arbitration award) ay kailangang sundin ng mga partido. Kinakailangang nakasulat ang kasunduang sumailalim sa arbitrasyon. Ang tagapangulo ng Lupon o ang Pangkat ang magsisilbing arbitrator na siyang didinig at magdedesisyon sa alitan.

## Maaari bang magpataw ng parusang contempt ang Lupon o Pangkat?

Hindi. Walang kapangyarihan ang Lupon o Pangkat na magpataw ng parusang *contempt* o paghamak sa awtoridad nito. Kinakailangang maghain sa korte ng reklamo ang Tagapangulo ng Lupon o Pangkat o ang isang partido para maparusahan ang *contempt*. Isang halimbawa ng paghamak sa awtoridad ng Lupon o Pangkat ang hindi pagsunod sa mga kautusan nito, gaya ng hindi pagpapakita sa ilalim ng *summons*.

## Maaari bang magpataw ng parusang multa o pagkakabilanggo ang Lupon o Pangkat?

Hindi. Wala ring kapangyarihan ang Lupon o Pangkat na magpataw ng multa o pagkakabilanggo kahit pa sa proseso ng arbitrasyon, kung saan nagkasundo ang mga partidong sundin ang anumang desisyon ng tagapangulo ng Lupon o ng Pangkat. Hindi *criminal proceedings* ang *arbitration proceedings*.

## Anu-ano ang mga alitang saklaw ng Lupon?

Ang Lupon ng bawat barangay ay may awtoridad na pagharapin ang mga partidong nakatira sa parehong lungsod o munisipalidad para sa mapayapang kasunduan sa LAHAT NG KLASE NG ALITAN, MALIBAN na lamang sa mga sumusunod:


- Kung ang isang partido ay ang gobyerno o anumang ahensya, opisina, subdibisyon, o instrumentalidad nito;
- Kung ang isang partido ay opisyal o empleyado ng gobyerno at ang alitan ay may kaugnayan sa kanyang opisyal na trabaho;
- Mga krimeng maaaring maparusahan ng pagkakakulong nang higit isang taon o multang higit sa P5,000.00;*
- Mga krimen kung saan walang pribadong partidong nasaktan

- Kung ang paksa ng alitan ay real estate (tulad ng lupa, bahay, at *condominium*) sa magkakaibang lungsod o munisipalidad, maliban na lang kung magkasundo ang mga partidong ihain ang kanilang alitan sa Lupon para sa mapayapang kasunduan;

- Mga alitan sa pagitan ng mga taong aktwal na nakatira sa magkakaibang lungsod o munisipalidad, maliban na lamang kung sila ay nakatira sa magkaratig na barangay at nagkasundong ihain ang kanilang alitan sa Lupon para sa mapayapang kasunduan;

- Iba pang klase ng alitang tinanggal ng Pangulo ng Pilipinas sa saklaw ng Lupon para sa interes ng katarungan o batay sa mungkahi ng Kalihim ng Katarungan; at

- Mga alitang may kinalaman sa karahasan laban sa kababaihan at sa kanilang mga anak (violence against women and their children) sa ilalim ng RA 9262 o Anti-Violence Against Women and Their Children (VAWC) Act, kung saan pinagbabawalan ang mga opisyal ng barangay na isailalim ang VAWC sa katarungang pambarangay.




**Isang pagpapaliwanag ang kasalukuyang hinihiling mula sa Kagawaran ng Katarungan hinggil sa epekto ng nasabing batas sa mga kasong saklaw sa ilalim ng Katarungang Pambarangay. Sa ilalim ng Republic Act 10951 (An Act Adjusting the Amount or the Value of Property and Damage on which a Penalty is Based and the Fines Imposed under the Revised Penal Code, Amending for the Purpose Act No. 3815, otherwise known as "The Revised Penal Code," as amended), itinaas ang kaparusahang multa sa higit limang libong piso sa ilang krimen na saklaw ng Katarungang Pambarangay.*

## Dapat bang dumaan muna sa Lupon ang mga alitang saklaw nito?

Oo, kinakailangang dumaan muna sa Lupon ang mga alitang saklaw nito. Kung hindi, maaaring mabasura ang kaso.

Bukod sa patakarang ito, ang mga sumusunod ay mga kaso kung saan maaaring dumiretso ang mga partido sa korte:

1. Kung nakaditini ang akusado;

2. Kung hindi malaya ang isang tao at dahil dito siya ay nangangailangan ng *habeas corpus proceedings*;

3. Kung ang kaso ay may kasamang paghingi ng pansamantalang remedyo, gaya ng *preliminary injunction, attachment, delivery of personal property,* at *support pendente lite;* o

4. Kung maaaring mapaso ang kaso sa ilalim ng batas.

Ayon sa patakaran ng Korte Suprema (*Administrative Circular No. 14-93*), hindi rin kinakailangang dumaan sa Lupon ang mga sumusunod na kaso:

- Mga reklamo ng o laban sa isang korporasyon, sosyohan, o iba pang *juridical entity*;
- Mga kasong kriminal kung saan ang akusado ay nasa kustodiya ng pulis o nakaditini;
- Mga petisyon para sa *habeas corpus* na isinampa ng taong nawalan ng kustodiya sa ibang tao o ng taong nawalan ng kalayaan;
- Mga alitan sa ilalim ng *Comprehensive Agrarian Reform Law;*
- Mga alitan sa paggawa (*labor disputes*) na nakabatay sa relasyon ng amo at empleyado; at
- Mga kaso para mapawalang-bisa ang mga desisyong nakabatay sa kompromiso.

## Maaari bang padaanin muna ng korte sa Lupon ang isang kaso kahit hindi ito saklaw ng Lupon?

Oo. Maaaring padaanin muna ng korte sa Lupon ang isang kaso kahit hindi ito saklaw ng Lupon, kung hindi ito kasong kriminal at kung ito ay gagawin ng korte bago mag-umpisa ang paglilitis sa kaso.

**Hindi saklaw ng Lupon ang alitan sa pagitan ng mga indibidwal na nakatira sa magkaibang lungsod o munisipyo.**

Ayon sa Korte:

Hindi kailangan na dumaan sa proseso ng pakikipagsundo sa barangay ang mga indibidwal na partido na sangkot sa isang kaso kung sila ay naninirahan sa magkaibang siyudad o munisipyo.

*Halaw mula sa Abagatnan vs. Sps. Clarito, G.R. No. 211966, August 27, 2017.

**Kapag ang isang kaso o reklamo ay hindi kabilang sa mga hindi saklaw ng Katarungaang Pambarangay, nararapat lamang na hindi matuloy ang kaso sa kahit anong korte.**

Si Leticia ay naghain ng kasong kriminal laban kay Loida. Nakita ng piskalya na marapat na maghain ng Impormasyon para sa krimeng grave *oral defamation laban* kay Loida. Ngunit sa isang petisyon na inihain sa Kagawaran ng Katarungan, nakita ng nasabing kagawaran na ang karampatang kaso na dapat ihain ay *slight oral defamation*. Hindi rin maaring matuloy ang kaso sa korte sapagkat walang naipakita ang nagrereklamo na sila ay dumaan sa *conciliation* alinsunod sa *Local Government Code.*

Ayon sa Korte:

Ang isang kaso na isinampa sa korte ay maaring ma-*dismiss* kung ang reklamo ay hindi nagsaad na ang nasabing kaso ay: 1. Kabilang sa mga *excepted cases;* 2. Hindi isinaad na sila ay dumaan sa proseso ng *conciliation* sa barangay; at 3. Walang inilabas na sertipikasyon na hindi nagkasundo ang mga partido sa barangay.

*Halaw mula sa Agbayani vs. CA, G.R. No. 183623, June 25, 2012.




## Ano ang ibig sabihin ng venue? Ano ang pagkakaiba nito sa saklaw o hurisdiksiyon?

Ang venue ay ang lugar kung saan dapat dinggin o pagpasiyahan ang kaso. Hindi kagaya ng hurisdiksiyon, ito ay maaring mapagkasunduan ng mga partido, maliban na lamang kung ito ay kasong kriminal.

Ang hurisdiksiyon naman ay ang kapangyarihan ng lupon para dinggin at desisyonan ang kaso. Ito ay tinutukoy ng batas at hindi maaring ipaubaya sa kasunduan ng mga partido.

## Saan ang venue ng mga hidwaan sa barangay? Saang barangay dapat isampa ang mga reklamo, hidwaan o di pagkakasundo sa isang lungsod o munisipyo *(Venue of Disputes)*

Ang mga sumusunod ay ang mga lugar kung saan dapat dinggin ang mga hidwaan sa barangay:

- Ang away o di pagkakaintindihan ng dalawang tao na aktwal na nakatira sa parehong barangay ay dapat dalhin sa Lupon ng nasabing barangay para sa amicable settlement.

- Kung ang mga partido ay nakatira sa magkaibang barangay na matatagpuan sa parehong munisipyo o lungsod, dapat dalhin ang reklamo sa barangay kung saan nakatira ang inirereklamo (*respondent*) o alin man sa kanila kung sakaling mahigit sa isa ang inirereklamo, alinsunod sa kagustuhan ng nagrereklamo (*complainant*).


- Ang mga hidwaan tungkol sa *real property* o ano mang interes na nakapaloob dito ay dapat na isampa sa barangay kung saan matatagpuan ang *real property* o ang mas malaking bahagi nito.

- Ang mga hidwaan na nangyari sa lugar ng trabaho o sa paaralan ng mga partido ay dapat isampa sa barangay kung saan ang lugar na trabaho o ang paaralan ay matatagpuan.

## Paano kung may pagtutol o hindi pagsang-ayon sa lugar o venue?

Ang hindi pagsang-ayon tungkol sa venue ay kailangang ipaalam kaagad sa *mediation proceedings* sa harap ng Punong Barangay; kung hindi ito ipapaalam, ito ay ituturing na pagtalikod sa o waiver ng kanyang karapatan.

Ang mga katanungang legal na posibleng harapin ng Punong Barangay sa paglutas ng katanungan tungkol sa venue ay nararapat na isumite sa *Secretary of Justice* o sa kanyang kinatawan, at ang kanilang desisyon ay ituturing na may puwersa ng batas.




## Ano ang kahalagahan ng proseso ng Katarungang Pambarangay sa pagsasampa ng kaso?

Ang proseso ng Katarungang Pambarangay ay isang kondisyon bago isampa ang reklamo sa hukuman. Walang reklamo, petisyon, anumang aksyon o proceeding na saklaw ng Katarungang Pambarangay ang maaaring isampa sa korte o ahensiya ng gobyerno para sa pagpapasiya, maliban kung walang kasunduan na naabot matapos ang *mediation* o *conciliation* na ayon sa sertipikasyon ng kalihim o tagapangulo ng Lupon o Pangkat, o kung binalewala ng parehong partido ang *amicable settlement*.

## Anu-ano ang mga hakbang na maaring gawin para sa pagsasaayos ng mga hidwaan?

Sa ilalim ng proseso ng Katarungang Pambarangay, may tatlong paraan para maayos ang mga hidwaan ng mga partido:

1. **Mediation (pamamagitan)**
2. **Conciliation (pagkakasundo)**
3. **Arbitration**

## Ano ang mediation?

Ang *mediation* ay isang proseso kung saan ang mga partido ay nag-uusap sa harap ng Punong Barangay para ayusin nang mapayapa ang kanilang hidwaan. Anumang mapagkasunduan ng mga partido ay tinatawag na *amicable settlement*.

## Ano ang conciliation?

Ang *conciliation* ay proseso ng pag-uusap ng mga partido sa harap ng Pangkat Tagapagkasundo o *Conciliation Panel* kung sakaling walang nangyaring pagkakasundo sa harap ng Punong Barangay. Ang kasunduan ng mga partido ay tinatawag na amicable settlement.

## Ano ang arbitration?

Ang *arbitration* ay prosesso sa paglutas ng hidwaan kung saan nagkasundo ang mga partido na susunod sa desisyon ng mga arbitrators na binubuo at pinamumunuan ng Tagapangulo ng Lupon o Pangkat. Ang nasabing desisyon ay tinatawag na *arbitration award*.

# PROSESO NG KATARUNGANG PAMBARANGAY

## MEDIATION

### Pagsampa ng reklamo sa Barangay at pagbayad ng kinauukulang filing fees.

Maaring magreklamo ang sinumang indibidwal na may dahilan o reklamo laban sa isang indibidwal ukol sa kinasasangkutang bagay na saklaw ng Lupon. Ang reklamo ay maaaring ipaabot nang pasalita o nakasulat.

### Pag-isyu ng summons sa inirereklamo at notice sa nagrereklamo at mga testigo.

Matapos matanggap ang reklamo ng inirereklamo ay kailangang ipatawag ang nagrereklamo sa susunod na araw na may trabaho para ayusin ang magkasalungat nilang interes.




### Paghaharap-harap ng mga partido sa Tagapangulo ng Lupon

Ang mga partido ay magkakaharap-harap upang tulungan maiayos ang hindi pagkakaunawaan. Sisikapin ng tagapangulo ng Lupon na magkaroon ng *amicable settlement*.

## CONCILIATION

### Pagtatalaga ng petsa ng pagbuo ng Pangkat ng Tagapagkasundo.

Magtatalaga ang Tagapangulo ng Lupon ng petsa para sa pagbuo ng Pangkat. Ang pagtatag ng Pangkat ay gagawin sa paraang itinakda ng batas.

Ang pagsangguni o *referral* ng kaso sa Pangkat ay gagawin lang kung hindi mapayapang nagkasundo ang mga partido sa pamamagitan ng Punong Barangay (*mediation*).

### Pagpapatawag ng Pangkat sa mga partido.

Sa loob ng tatlong (3) araw simula nang maitatag ang Pangkat at sa araw at oras na itinakda ng Tagapangulo ng Lupon, magtitipon ang Pangkat para dinggin ang magkabilang partido at kanilang mga testigo, linawin ang mga isyu, at sikaping magawa ang lahat upang mapagkasundo ang mga partido.

Maaaring maglabas ng *summons* ang Pangkat para sa personal na pagharap ng mga partido at kanilang mga testigo.

Sa pagkakataong pinapadiskwalipika ng isang partido ang sinumang miyembro ng Pangkat dahil sa relasyon, pagkiling, interes, o iba pang katulad na dahilan, at ang dahilan ay natuklasan matapos mabuo ang Pangkat, pagpapasyahan ito ng Pangkat sa pamamagitan ng pagsang-ayon ng nakararaming miyembro. Kung madiskwalipika ang miyembro, pupunan ang bakanteng posisyon ayon sa paraang itinalaga ng batas.

## Kasunduan

Kinakailangang mapagkasundo ang mga partido o malutas ang alitan sa loob ng 15 araw mula nang magtipon ang Pangkat. Maaaring dagdagan ang panahong ito ng hindi hihigit sa 15 pang araw, maliban kung malinaw na karapat-dapat itong dagdagan ng higit sa 15 pang araw.

Magkakaroon ng puwersa at bisa ng pinal na hatol ng korte ang mapayapang kasunduan sa pagitan ng mga partido pagkalipas ng 10 araw mula sa petsa nito, maliban kung itinakwil ito. Hindi kabilang dito ang mga kasong hindi saklaw ng Lupon ngunit pinadaan ng korte rito.

## Pagbibigay ng certificate to file action (CFA)

Kung walang naabot na kasunduan sa loob ng panahong itinakda ng batas, imumungkahi ng Pangkat sa Tagapangulo ng Lupon na magbigay ng *Certificate to File Action* (CFA) sa mga partido.

Ang CFA ay pagpapatunay ng Tagapangulo ng Lupon na walang naabot na kasunduan ang mga partido sa kabila ng proseso ng pamamagitan at pagkakasundo.

## Pagpapadala sa korte ng kasunduan

Ipapadala ng Kalihim ng Lupon ang kasunduan sa tamang korte ng lungsod o munisipalidad sa loob ng limang araw mula nang matapos ang panahon para sa pagtatakwil nito. Bibigyan din ng kopya ng kasunduan ang bawat partido at ang Tagapangulo ng Lupon.

## Pagtatakwil sa kasunduan

Maaaring itakwil ng sinumang partido ang kasunduan kung siya ay niloko, sinaktan, o tinakot para mapapayag dito. Kailangang maitakwil ang kasunduan sa loob ng 10 araw mula nang maabot ito, sa pamamagitan ng pagsumite sa Tagapangulo ng Lupon ng sinumpaang salaysay ng pagtatakwil. Sapat nang batayan ang pagtatakwil na ito upang mabigyan ng CFA ang partido.

Pagkalipas ng 10 araw mula nang magkasundo ang mga partido, hindi na nila puwedeng kuwestyunin o tutulan ang kasunduan.

## Pagpapatupad ng kasunduan

Maaaring ipatupad ng Lupon ang kasunduan sa loob ng anim na buwan mula nang ito ay maabot. Pagkalipas ng nasabing panahon, maaaring ipatupad ang kasunduan sa pamamagitan ng pagsampa ng kaso sa tamang korte.

# ARBITRATION



## Sino ang maaaring maging arbitrator sa proseso ng Katarungang Pambarangay?

Kapag ang reklamo ay nasa yugto pa ng pamamagitan nang magkasundo ang mga partido sa arbitration, ang Tagapangulo ng Lupon ang magsisilbing arbitrator. Sakaling nasa yugto na ng pagkakasundo ang alitan, ang magiging arbitrador ay ang Pangkat.

## Kailan maaaring magkasundo ang mga partidong sumailalim sa arbitration?

Maaaring magkasundong sumailalim sa *arbitration* ang mga partido sa kahit anong yugto ng proseso ng Katarungang Pambarangay.

### Ano ang proseso ng arbiration?

**1. Pagsasampa ng reklamo sa barangay at pagbabayad ng kaukulang filing fees.**

**2. Paglalabas ng *summons* sa inirereklamo at pabatid sa nagrereklamo at mga testigo.**

**3. Pagkakasundo ng mga partido sa arbitrasyon**

Kinakailangang pumayag ang lahat ng partido sa arbitrasyon. Ito ay gagawin sa pamamagitan ng nakasulat na kasunduan kung saan ang lahat ng partido ay nangangakong susunod sa anumang desisyon ng arbitrador.

**4. Pagtatakwil sa kasunduang mag-arbitrasyon**

Maaaring itakwil ng sinumang partido ang kasunduang mag-arbitrasyon kung siya ay niloko, sinaktan, o tinakot para mapapayag dito. Kailangang maitakwil ang kasunduan sa loob ng limang araw mula sa petsa nito. Ginagawa ang pagtatakwil sa pamamagitan ng pagsumite ng sinumpaang salaysay ng pagtatakwil sa Tagapangulo ng Lupon.

Pagkalipas ng limang araw mula nang magkasundo ang mga partidong mag-arbitrasyon, hindi na nila puwedeng kuwestyunin o tutulan ang kasunduan.

Magkaiba ang pagtatakwil sa mapayapang kasunduan at pagtatakwil sa arbitrasyon. Sa mapayapang kasunduan, ang resulta ng proseso – ang kasunduan mismo – ang itinatakwil. Sa arbitrasyon, hindi ang resulta ng proseso ang itinatakwil bagkus ay ang panimula ng proseso – ang kasunduang mag-arbitrasyon.

Magkaiba rin ang pagtatakwil sa kasunduang mag-arbitrasyon at pagpapawalang-bisa sa desisyon ng arbitrador. Ang una ay ginagawa sa barangay, habang ang huli ay ginagawa sa korte.

## 5. Mga pagdinig

Kung hindi itinakwil ang kasunduang mag-arbitrasyon, magsasagawa ng mga pagdinig ang arbitrador tulad ng isang pormal na paglilitis.

## 6. Paglalahad ng kaso, mga testigo, at ebidensya ng nagrereklamo.

## 7. Paglalahad ng kaso, mga testigo, at ebidensya ng inirereklamo.

## 8. Pagbibigay ng desisyon

